7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (para sa Ikalimang Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ IKATLONG KUWARTER (ARALIN 5 - para sa Ikalimang Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng brochure para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | • **Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademik.**<br>a. Natutukoy ang paksa, layon, at ideya sa teksto.<br>b. Naiisa-isa ang mga platform at katangian ng mga tekstong pampahayagan.<br>c. Nakapagtatala ng mahahalagang impormasyon (katulad ng narinig at direktang sinabi mula sa interbyu, direktang sipi mula sa nabasa, paraphrasing sa mahahalagang detalye at ideya mula sa teksto).<br>d. Naipaliliwanag ang mahahalagang ideya at detalye gamit ang diksiyon, estilo, transisyonal at kohesiyong gramatikal at kaangkupan ng salita at ideya na nais iparating sa mambabasa. |
| **D. Nilalaman** | Mga kasanayang pang-akademik (katulad ng pagtukoy sa paksa, layon at ideya, pagtatala ng mahahalagang impormasyon (detalye), mekaniks sa pagsulat (diksiyon, estilo at paggamit ng transisyonal at kohesiyong gramatikal), paggamit ng angkop na mga salita sa pagpapahayag ng mga ideya at pagbuo ng talata). |
| **E. Integrasyon** | • Global na pagkamamamayanan |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


- Bolatin, R. (2019). Ang Komentaryong Panradyo Ayon Kay Elena Botkin. *Scribd.* https://www.scribd.com/document/437262168/Ang-Komentaryong-Panradyo-Ayon-Kay-Elena-Botkin
- Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8 (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.
- Escudero, M. (2024). Pinas bukas sa mga negosyo kahit walang Cha-cha – Senado. *Philstar.* https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2024/02/13/2332918/pinas-bukas-sa-mga-negosyo-kahit-walang-cha-cha-senado#:~:text=MANILA%2C%20Philippines%20%E2%80%94%20Kahit%20hindi%20magkaroon,6%20(RBH%206).
- Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf
- Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8.
- Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc.
- Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). VMV Publishing House.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain.<br><br>**A. E-MATCH MO.** Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy sa Hanay A. Isulat ang sagot sa patlang.<br><br>**Hanay A**<br>_____1. Nagtatag ng pahayagang La Independencia.<br>_____2. Siya ang sumulat ng orihinal na liriko ng Pamabansang Awit.<br>_____3. Siya ang babaeng pinag-alayan ng awit na Jocelynang Baliwag.<br>_____4. Ang pinag-alayan ng awit na “Sa Iyo ang Dahil.”<br>_____5. Siya ang sumulat ng tulang, “Isang Tula sa Bayan.”<br>_____6. Siya ang nagtatag ng konsepto ng Pantayong Pananaw.<br>_____7. Siya ang may-akda ng “Liwanag at Dilim.”<br>_____8. Sinulat niya ang “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog.”<br>_____9. Ito ang unang pahayagang nalatala sa Pilipinas.<br>_____10. Siya ang gumamit ng sagisag-panulat na Dimasalang.<br><br>**Hanay B**<br>A. Andres Bonifacio<br>B. Marcelo H. Del Pilar<br>C. Del Superior Gobierno<br>D. GOMBURZA<br>E. Emilio Jacinto<br>F. Antonio Luna<br>G. Apolinario Mabini<br>H. Jose Palma<br>I. PEPITA<br>J. Jose Rizal<br>K. Zeus A. Salazar<br><br>**B. PAGKAKAIBA AT PAGKAKATULAD.** Gamit ang *Venn Diagram,* talakayin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng awit at korido.<br> | Unang Araw<br><br>Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa nakaraang talakayan. Maari ring magdagdag ang guro batay sa kung ano pa ang gusto niyang bigyang-pansin sa nakaraang talakayan.<br><br>*Susi ng Pagwawasto:*<br>1. F<br>2. H<br>3. I<br>4. D<br>5. B<br>6. K<br>7. E<br>8. A<br>9. C<br>10. J |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghihikayat na Gawain**<br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>**A. NOOD-SURI:** Buksan ang link ng balita. Panuorin at unawain ang bidyo at talakayin ang sumusunod na tanong:<br>https://www.youtube.com/watch?v=vt6P3xuX2u4<br><br>Mga Tanong:<br>1. Tungkol saan ang bidyong napanood?<br>2. Ano ang pangunahing layunin ng bidyo?<br>3. Ano ang kahalagahan ng balitang pinanood sa lipunan?<br><br>**B. SAYSAY-TALAKAY:** Pangkatin ang mga mag-aaral sa klase sa lima (5). Bawat pangkat ay gagawa ng isang talata na magsasalaysay sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan. Hayaang magtanong-tanong o magsaliksik ang mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipaulat sa bawat pangkat ang kanilang nakalap at nabuong talata.<br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto ng Aralin**<br>Ang kasanayang pang-akademiko ay isang mahalagang kasanayan para sa mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay-daan sa atin na maunawaan at masuri ang mga teksto na may kaugnayan sa ating pag-aaral. Sa pagbuo ng kasanayang ito, mas magiging epektibo tayo sa pag-aaral at pag-unawa sa mga akademikong teksto.<br>Isa sa natatanging puhunan ng tao sa kanyang pakikipagsapalaran sa buhay ang talino. Dahil dito, mahalagang mahasa ang talino ng sinumang tao, magamit niya ito sa kanyang kabutihan at kaunlaran. May mahalagang bahaging ginagampanan ang pagbasa sa paghahasa ng talino ng tao. Kailangan ang mauunawaang pagbasa tungo sa ganap na pag-unawa ng ano mang disiplinang saklaw ng kaalaman ng tao.<br>Kaugnay nito, dapat mabatid, na ang pagbasa ay isang makrong kasanayang binubuo ng mga kaugnay na kasanayan. Sa madaling sabi, may mga kasanayang kailangan linangin upang maging epektibo na mambabasa. Sa akademikong pagbasa, may mga tiyak na kasanayang kailangang malinang upang ang pagbabasa ay maging higit na kawili-wili at produktibo na karanasan para sa sinoman. Isa sa mga tiyak na kasanayang ito ang pagtukoy sa hulwaran ng organisasyon ng teksto na tinalakay na sa naunang leksiyon. Ang iba pang kasanayang mahalaga sa akademikong pagbasa ay ang sumusunod. | Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda.<br><br>Pagkatapos mag-ulat ng bawat pangkat sa kanilang nabuong talata. Maaaring tanungin ng guro ang mga mag-aaral pagkatapos.<br><br>Mga halimbawang tanong (puwedeng baguhin o dag-dagan ng guro).<br>1. Ano ang unang ginawa upang makabuo ng talata?<br>2. Ano-anong paraan ang ginamit upang makakalap ng impormasyon sa paksang napili?<br>3. Paano nabuo ang talata?<br><br>Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang mga kasanayang pang-akademik. |

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagkilala sa salita.<br>• Pag-unawa sa salita.<br>• Tulin sa pagbasa nang tahimik.<br>• Yumayaman ang talasalitaan.<br>• Nagiging mapanuri sa pagbasa at pagpapahalaga.<br>• Sanay bumasa sa pagitan ng mga linya.<br>• Nakapagsusuri ng mga materyal upang makuha ang mga pangunahing kaisipan at layunin.<br>• Matutong gumamit ng graph, mapa, at tsart at marunong gumamit ng mga sangguniang aklat.<br><br>Para sa mas mapanuring pagkatuto, gawing gabay ang sumusunod na tanong:<br>1. Paano matukoy ang paksa at layon sa teksto?<br>2. Anu-ano ang mga platform at katangian ng mga tekstong pampahayagan?<br>3. Paano magtala ng mahahalagang impormasyon sa babasahing teksto?<br>4. Paano maipapaliwanag ang mga mahahalagang ideya sa mambabasa?<br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**AYOS-SALITA:** Ayusin ang mga salita at bigyan ng sariling pagpapakahulugan<br>***(Makikita ang gawain sa ika-IV ng pahina 5 ng Sagutang Papel)*** | Ang gawaing ito ay puwedeng gawing pangkatan o isahan para ang lahat ng mga mag-aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase. Maaari ring baguhin ng guro ang paraan ng paglalahad ng gawain.<br><br>*Susi ng Pagwawasto:*<br>1. Ideya at Detalye<br>2. Layunin<br>3. Tono at Pananaw<br>4. Lagom<br>5. Konklusyon |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnayna Paksa: Mga Kasanayan Pang-Akademik**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Kinagigiliwan ko!:** Gamit ang mga larawan, ipasagot sa mga mag-aaral kung ano ang kinagigiliwang panuorin, pakinggan at basahin na programa at pahina. Bigyan ng pagkakataon na maipaliwanag ng mga mag-aaral ang dahilan kung bakit nila ito kinagigiliwan.<br>***(Tingnan mga larawan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)***<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Pinatnubayang Pagbasa:** Basahin at unawain ang teksto at pagkatapos aygawin ang nakahandang gawain. | Tiyaking bago ipabasa ang akda muling magamit ang mga susing salita sa pag-uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa. Maaaring gawing isahan, dalawahan o pangkatan ang gawain. Tiyakin na ang lahat ay mabigyan ng pagkakataong makapagbahagi ng kanilang |

| | | |
|---|---|---|
| | **KOMENTARYONG PANGRADYO KAUGNAY NG ISYU sa MONTERO NG MITSUBISHI**<br>**Announcer:** Magandang Hapon mga ka Usizero't Usizera! Ito po ang **Isyu 24/7 ng 139.09 life radio!** Nandito na ang tambalang talagang inaabangan tuwing hapon! Sina **Ate Kim** at **Mama Jack!**<br>**Ate Kim:** Magandang-magandang hapon sa inyong lahat! Ako po si Ate Kim, hindi si Kuya Kim na nagsasabing ang buhay ay pana-panahon lang!<br>**Mama Jack:** Good Afternoon madlang Usizero't Usizera! Ako po si Mama Jack! Na nagsasabing kung mayroong Papa Jack, mayroon ding Mama Jack!<br>**Ate Kim:** So... Partner, anong ganap ngayon?<br>**Mama Jack:** Naku Pards, ang daming ganap ngayon... At isa na rito ay ang isyu tungkol sa reklamo laban sa **Montero ng Mitsubishi!**<br>**Ate Kim:** Tama ka dyan pards! Andami ko ring mga narinig na balita tungkol dyan!<br>**Mama Jack:** At dahil marami ka ngang narinig ukol dyan... Bakit hindi na lamang 'yan ang pag-usapan natin!<br>**Ate Kim:** Oo nga naman pards!<br>**Mama Jack:** So pards, anong say **mo sa mga reklamo laban sa Montero ng Mitsubishi** na yan? Lalo na't montero yang sasakyan mo?<br>**Ate Kim:** Sa totoo pards, nangangamba ako eh. Madami na kasi yung kaso ng ***SUA o Sudden Unintended Acceleration*** laban sa **Montero**. Pinangangambahan kong baka mamaya mangyari pa sa akin yang **SUA** na yan! Eh dugo't pawis ko yung perang ginamit ko sa pagbili nyan eh., baka mamaya may dugo ngang dumanak pag nangyari yang **SUA** na yan eh!<br>**Mama Jack:** Pero pards, may sinasabi nga yung **Mitsubishi na *HUMAN ERROR*** lang daw yung nangyari. Malay mo human error nga lang talaga. Baka mamaya yung driver lang talaga yung may kasalanan.<br>**Ate Kim:** May possibility rin naman, pero pards para malinawan tayo sa isyung yan eh narito si **Ms. Liezel Sarte**, isa sa opisyal ng **Mitsubishi Motors!** Magandang hapon Ms. Sarte!<br>**Mama Jack:** Good Afternoon Ms. Sarte!<br>**Ms. Sarte:** Good afternoon din sa inyo Ate Kim, Mama Jack at sa mga nakikinig dyan sa mga bahay nila.<br>**Mama Jack:** Ms. Sarte, ano pong masasabi nyo ukol sa isyung kinakaharap ng inyong **Montero**? | ideya sa gawain.<br><br>Mahalagang maghanda ng pamatnubay ng iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. |

**Ms. Sarte:** Ang totoo eh masasabi naming Human Error lamang ang biglang pagharurot ng mga **Montero**.

**Ate Kim:** Uhmm.. Ms. Sarte ako po ay mayroong **Montero** at kahit ako po mismo ay natatakot ng gamitin ito dahil nga sa isyu ukol dito, pati nga mga magulang ko takot nang sumakay rito, at kahit sila rin ay hindi naniniwalang ***human error*** lamang ito, so ano ang maaari naming gawin ukol dito?

**Ms. Sarte:** Ukol riyan, kung gusto niyong makasigurong walang problema ang inyong **Montero**, you should make it check, may nagaganap na libreng pagtingin sa mga sasakyang **Montero** kaya kung kayo po ay nangangamba ay mas maigi nang ipa-check mo ang sasakyan mo.

**Mama Jack:** Yun naman pala pards eh! Pa-check mo na 'yang sasakyan mo!

**RADYOPINYON:**

Batay sa mg pahayag ng mga komentarista, alin sa mga ito ang nagsasaad ng positibo at negatibong pananaw? Isulat sa puso ang positibo at sa kahon ang negatibo.

***(Tingnan ang larawan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)***

Ang komentaryong panradyo ayon kay Elena Botkin – Levy (2019), Koordineytor, ZUMIX Radio; ay ang pagbibigay ng oportunidad sa kabataan na maipahayag ang kanilang mga opinyon at saloobin kaugnay sa isang napapanahong isyu, o sa isang isyung kanilang napiling talakayan at pagtuunan ng pansin. Ang pagbibigay-opinyon ayon kay Levy ay makatutulong nang malaki upang ang kabataan ay higit na maging epektibong tagapagsalita. Ayon pa rin sa kaniya, ang unang hakbang upang makagawa ng isang mahusay at epektibong komentaryong panradyo ay ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa pagsulat ng isang sanaysay na naglalahad ng opinyon o pananaw.

Ilan sa mga paksang madalas na talakayin ay ang sumusunod:

a. Politika
b. Mga pangyayari sa isang tiyak lugar
c. Mga pagdiriwang sa Pilipinas
d. Katayuan ng ekonomiya ng Pilipinas
e. Mga interes at makabuluhang bagay para sa mga inaasahang tagapakinig

Ilan sa maaaring gamitin sa pagsasaliksik tungkol sa mga gustong mapakinggan ng mga tagasubaybay ay ang *survey* at *panayam.*

A. *Survey*

Gumagamit ng survey upang malaman ang mga nais mabatid na impormasyon mula sa programa. Ang sumusunod ang ilan sa mga posibleng lamanin ng isang survey:

1. *Multiple Choice* – ito ang mas mabilis na paraan ng pagpapasagot sa isang survey. Mas madali itong sagutin kumpara sa iba dahil sa pipili lamang ang tinatanong ng sagot sa iilang titik.
2. *Pagkilala sa mga sinasang-ayunan* – Bukod sa simpleng multiple choice, maaari ring maglagay ng listahan na nagpapahayag ng kanilang mga sinasang-ayunan at di sinasang-ayunan.
3. *Likert Scale* – Ito ay isa sa mga paraan kung papaanong sinusukat ng isang tao ang sarili niya.

B. *Panayam*

Ang mga gawaing ito ang mga pangunahing batis o impormasyon. Maaaring kumunsulta sa mga libro o sa internet subalit mas makatotohanan ang impormasyon na manggagaling mismo sa isang mapagkakatiwalaang batis.

Bago makasulat ng isang Dokumentaryong Panradyo, narito ang mga dapat tandaan:

1. Magsaliksik ng mga impormasyon.
2. Huwag kalimutang banggitin ang mga personalidad na binanggit sa mga detalye upang ipakita ang kredibilidad ng iyong sinulat.
3. Magkaroon ng malinaw na pagpapasiya sa paksa

**TELEBISYON NG BUHAY**

Panoorin sa klase ang dokumentaryong "PAGPAG FOR SALE" SineTotoo ni Howie Severino na matatagpuan sa youtube.

https://www.youtube.com/watch?v=XOaVzEOnDrU

Sagutin ang mga tanong pagkatapos manood.

1. Ano-ano ang pumukaw sa iyong damdamin habang pinanonood ang dokumentaryo?
2. Ano ang iyong masasabi sa mga pangyayaring ito sa lipunan?

3. Anong gampanin ng telebisyon ang ipinakita sa dokumentaryong napanood?

Gaya ng pelikula ang mga programang pantelebisyon ay maituturing ding isang uri ng sining na nagsisilbing libangan at gumigising sa isip at damdamin ng isang tao. Ito'y mahalaga at mabisang sangay ng kabatirang panlipunan, pang-espirituwal, pangkultura, pangmoralidad, pang-edukasyon, at iba pa. Malaki ang nagagawang impluwensiya nito sa katauhan ng isang nilalang. Ang mga kaisipan, ugali, kabuluhan, at pananaw ng isang nilikha ay maaaring maimpluwensiyahan ng pinanonood na mga programa sa telebisyon.

**Dokumentaryong Pantelebisyon** – Mga palabas na naglalayong maghatid ng komprehensibo at estratehikong proyekto na sumasalamin sa katotohanan ng buhay at tumatalakay sa kultura at pamumuhay sa isang lipunan.

**PAHAYAGANAN KO!:** Basahin at unawain ang balita na isinulat ni Malou Escudero pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na katanungan.

***Pinas bukas sa mga negosyo kahit walang Cha-cha – Senado***

*Malou Escudero (Pebrero 13, 2024- Philippine Star)*

Kahit hindi magkaroon ng pagbabago sa Konstitusyon o Charter change, bukas ang Pilipinas sa pagpasok ng iba't ibang negosyo ng mga dayuhan, ayon sa mga senador sa pagpapatuloy nang pagdinig ng Senate Subcommittee on Resolution of Both Houses No. 6 (RBH 6).

Binanggit sa hearing ang pag-amyenda sa Public Service Act (PSA) at iba pang kaugnay na batas na naglalayong makaakit ng mga foreign investments.

Ipinunto rin nina Senators Sonny Angara, Grace Poe, Risa Hontiveros at JV Ejercito ang pag-amyenda sa Foreign Investment Act at Retail Trade Liberalization Act.

Sa umpisa ng pagdinig, binalangkas ni Angara ang mga pangunahing elemento ng mga pagbabago, na una nang iprinisinta sa pamamagitan ng batas na itinaguyod ni Poe at co-sponsored ni dating senador Franklin Drilon.

Aniya, tiniyak ng amendments na ang 60-40 -foreign equity limitation ay tumutukoy sa mga essential public utilities tulad ng pamamahagi at

| | | |
|---|---|---|
| | paghahatid ng kuryente, petrolyo at mga produktong petrolyo, pipeline transmission system, water pipelines distribution systems, waste water pipeline systems, seaports at public utility vehicle. Napahayag nang pag-aalala ang ilang senador sa sandaling mabuksan ang mga public utilities sa mga dayuhan.<br>"Puwedeng tanggalin sa mga Pilipino ang kontrol sa lahat ng sektor na nagbibigay serbisyo sa publiko. Pwedeng makontrol ng ibang bansa ang tubig, kuryente, seaports, gasolina, at public utility jeeps natin. Handa ba tayo dito? Kaya ba nating makipagkumptensya sa kanila?" tanong ni Poe sa pagdinig.<br>Nagbabala naman si Hontiveros laban sa mga pontensyal na panganib ng mga susunod na kongreso na ibibigay ang kontrol sa mga state-owned foreign companies na maaaring maging banta sa seguridad ng bansa.<br>Pabor naman si UP Economics Prof. emeritus Raul Fabella na tanggalin ang constitutional restrictions sa foreign ownership. Anya, ang investment rate ng Pilipinas ay kabilang sa pinakamababa sa mga major Asean countries<br><br>Sagutin ang mga sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang paksang tinatalakay sa teksto?<br>2. Sinu-sino ang mga kasali sa isyung pinag-usapan?<br>3. Ano ang mahalagang usapin na dapat malaman ng mga mambabasa?<br>4. Bakit mahalagang malaman ng mga tao ang impormasyon nasa teksto?<br><br>Ang tekstong nabasa ay isang halimbawa ng balita na mababasa natin sa isang pahayagan. Ang *pahayagan* o *diyaryo*, ay isang uri ng *paglilimbag* na naglalaman ng *balita, impormasyon, at patalastas*. Karaniwang inilalathala ito sa *imprenta* at mabibili sa mababang halaga. Ang mga pahayagan ay maaaring pangkalahatan o may espesyal na interes, at kadalasang inilalabas ito araw-araw o lingguhan.<br><br>Ilan sa mga bahagi ng pahayagan ay ang sumusunod:<br>*1. Teksto:* Ito ay ang pangunahing bahagi ng pahayagan na naglalaman ng mga artikulo, balita, at opinyon.<br>*2. Mga Larawan:* Ginagamit ang mga larawan upang ipakita ang mga kuwento o impormasyon.<br>*3. Mga Patalastas:* Ito ay mga anunsiyo o reklamo na nagpapakilala ng mga produkto o serbisyo.<br>*4. Tudling ng Pagpapayo:* Mga payo o opinyon mula sa mga eksperto | Sa bahaging ito, ipapabasa ito ng guro sa mga mag-aaral ang isang balita tungkol sa isyung panlipunan. Maaaring malayang talakayan ang gagawin o di kaya'y pangkatang paglalahad sa nilalaman ng balita. Seguruduhing magabayan ng guro ang mga mag-aaral sa isyung tatalakayin. |

| | | |
|---|---|---|
| | o manunulat.<br>5. *Ulat Panahon:* Impormasyon tungkol sa klima at panahon.<br>6. *Mga Tala ng mga Palabas:* Ito ay naglalaman ng mga palabas sa pelikula, teatro, shopping mall, at iba pa.<br><br>Sa kabuuan, ang pahayagan ay isang mahalagang bahagi ng ating kasaysayan at nagbibigay sa atin ng sariwang impormasyon at perspektiba sa mga pangyayari sa mundo.<br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**3. Paglalapat at Paguugnay**<br><br>**RADYOMENTARYO:**<br>Makinig ng ilang napapanahong mga balita at sikaping magtala ng iba't ibang detalye tungkol sa pamagat ng paksa, mga batayan ng mga salaysay at mga pinag-usapang paksa.<br><br>Pagkatapos mapakingan ang isang balita sa radyo, punan ang kasunod na kahon ng tamang mga impormasyon.<br>***(Tingnan ang kahon sa pahina 8 ng Sagutang Papel)***<br><br>**Ang Global na Pagkamamamayan**<br>Upang masmatalakay ang kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang plataporma sa pagkuha ng mga impormasyon, sagutin ang mga sumusunodna tanong.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Sa usaping pangkultura, paano naipapakita ang iyong pagiging global na pagkakamamamayan?<br>2. Maglahad ng isang pangyayari na nakilahok sa aspektong pandaigdig?<br><br>**BAHAGIAN:** Gawin ang mga gawain batay sa pormat.<br><br>**Paksa:** "Ang iba't ibang *platform* ng mga tekstong pamapahaygan ay malaking impluwensiya sapaghubog ng bagong kabataan?"<br>***(Tingnan ang ikalawang kahon sa pahina 8 ng Sagutang Papel)*** | Ikaapat na Araw<br><br>Ang gawaing ito ay maaaring gawing isahan o 'di kaya'y pangkatang gawain.<br><br>Bilang integrasyon sa klase, ipasagot sa mga mag-aaral ang mga tanong gawin itong malaya o pangkatang talakayan pagkatapos ay talakayin sa klase ang tungkol sa Global na Pagkamamamayan.<br><br>Ang Global na Pagkamamamayan ay isang mahalagang konsepto sa pandaigdigang komunidad. Ito ay tumutukoy sa pagkilala at pagkakaroon ng karapatan at responsibilidad bilang isang mamamayan ng mundo. Sa ilalim ng global na pagkamamamayan, tayo ay may mga tungkulin hindi lamang sa ating sariling bansa kundi pati na rin sa buong mundo. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin. | Ang mga nakikitang dagdag na konsepto ay mga batayang kaalaman na may kaugnay na |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ugnay-Wika: Talakayin ang pksa<br>
Dagdag-Kaalamansa Konsepto ng Pananaw<br><br>
May mga ekspresiyong nagpapahayag ng konsepto ng pananaw. Kabilang dito ang ayon/batay/para/sang-ayon sa/kay, ganoon din sa paniniwala/pananaw/akala ko/ni/ng, at iba pa. Inihuhudyat ng mga ekspresyong ito ang iniisip, sinasabi o paniniwalaan ng isang tao.<br><br>
Tulad nito:<br>
Ayon/Batay/Sang-ayon sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, ang Filipino ang pambansang wika at isa sa mga opisyal na wika ng komunikasyon at sistema ng edukasyon.<br><br>
Sa paniniwala/akala/pananaw/paningin/tingin/palagay ni/ng Pangulong Quezon, mas mabuti ang mala-impiyernong bansa na pinamamahalaan ng mga Pilipino kaysa makalangit na Pilipinas na pinamumunuan ng mga dayuhan.<br><br>
Inaakala/Pinaniniwalaan/Iniisip kong hindi makabubuti kanino man ang kanilang plano.<br><br>
Sa ganang akin/Sa tingin/akala/palagay ko, wala nang gaganda pa sa lugar na ito.<br><br>
May mga ekspresiyong nagpapahiwatig ng pagbabago o pag-iiba ng paksa at/ o pananaw, tulad ng sumusunod na halimbawa. Gayon man, mapapansing di tulad ng naunang mga halimbawa na tumitiyak kung sino ang pinagmumulan ng pananaw, nagpapahiwatig lamang ng pangkalahatang pananaw ang sumusunod na halimbawa:<br><br>
Sa isang banda/ Sa kabilang dako, mabuti na rin sigurong nangyari iyon upang matauhan ang mga nagtutulog-tulugan.<br><br>
Samantala, makabubuti sigurong magpahinga ka muna para makapag-isip ka nang husto.
</td>
<td>
kasanayan mula sa Gabay Pangkurikulum. Malaya ang gurong gumawa ng paraan kung pano ito ilahad o talakayin sa mga mag-aaral habang binabasa at inuunawa ang lunsarang aralin. Maaari ring magdagdag ang guro sa bahaging ito.<br><br>
Sa paglalahad ng araling ito, malaya ang guro kung anong pamamaraan ang kaniyang gustong gawain sa pagtalakay. Maaaring magbigay ng gawain o gawain muna bago ang talakayan.<br><br>
Magbibigay ang guro ng ilang pahayag na ginagamitan ng mga ekspresiyong nagpapahayag ng konsepto ng pananaw at ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga ito.
</td>
</tr>
</table>

Sa pagbuo naman ng ekspresyong nagpapahayag ng kaugnayang lohikal, kailangang gumamit ng mga konseptong may kaugnayang lohikal upang mas maging epektibo ang pagpapayag ng impormasyon.

**MGA KONSEPTONG MAY KAUGNAYANG LOHIKAL**

May mga konseptong higit na nagiging makahulugan kapag pinag-ugnay o pinagsama. Halimbawa nito ang mga konseptong nagpapahayag ng relasyon o kaugnayang lohikal tulad ng dahilan at bunga, layunin at paraan, paraan at resulta, kondisyon at bunga o kinalabasan.

1. Dahilan at Bunga/ Resulta
   Nagpapahayag ng sanhi o dahilan ang dahilan ng isang pangyayari. Nagsasabi naman ng bunga o kinalabasan ang resulta nito.
   Halimbawa:
   *Natuto siya nang husto*
   *sapagkat/pagkat/kasi/ dahil* *(resulta + pu + dahilan)*
   *nag-aral siyang mabuti.*

2. Paraan at Layunin
   Ipinakikita ng relasyong ito kung paano makakamit ang isang layunin o naiisipan sa tulong ng isang paraan. Tingnan ang halimbawa.
   Halimbawa:
   *Nag-aaral siyang mabuti*
   *upang /para/nang sa ganoo'y* *(paraan + pu + layunin)*
   *matuto nang husto.*

3. Paraan at Resulta
   Nagpapakita ang relasyong ito kung paano nakukuha ang resulta.
   Halimbawa:
   *Sa matiyagang pag-aaral,*
   *nakatapos siya ng kaniyang kurso.* *(paraan + resulta)*

4. Kondisyon at Bunga o Kinalabasan
   Maihahayag ang relasyong ito sa dalawang paraan: Una, tumbalik o salungat sa katotohanan ang kondisyon.
   Halimbawa:
   *Kung nag-aaral ka lang nang mabuti,* *(pu + kondisyon +bunga)*

Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo.

| | | |
|---|---|---|
| | *sana'y natuto ka nang husto.*<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Punan ang patlang sa bawat bilang upang mabuo ang kaisipang isinasaad.<br>1. Sa pamamagitan ng mga problemasa radyo,<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Sa panunuod ng mga palabas pantelebisyon,<br>________________________________________<br>________________________________________<br>3. Sa pagbabasa ng mga balita at impormasyon sa pahayagan,<br>________________________________________<br>________________________________________ | |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO** | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya at Pagninilay** | **1. Pagtataya**<br>Gumawa ng isang komentaryong sanaysay na tumatalakay sa isang napapanahong isyu sa kasalukuyan. Gawin ito ayon sa pamantayan.<br>a. Dalawang talatang sanaysay na nagbibigay-puna o nagsasaad ng iyong sariling pananaw.<br>b. Gumamit ng mga salitang nagsasaad ng konsepto ng pananaw at konseptong may kaugnayang lohikal.<br>***(Makikita ang rubriks sa pahina 10 ng Sagutang Papel)***<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Gamit ng mga salitang nagsasaaad ng konsepto ng pananaw at konseptong may kaugnayang lohikal, ilahad ang kaisipang isinasaad sa larawan.<br>***(Makikita ang larawan sa pahina 11 ng Sagutang Papel)*** | Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng quiz notebook upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag unlad. Ang *quiz notebook* ay maaari ding magsilbing homework notebook.<br><br>Ang gawaing ito ay tutuhog sa kabuoang paksang natalakay. Tiyaking magabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo nito. Malaya ring baguhin ng guro ang rubriks na nakalagay. |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserbahan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi:</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ring maging isa sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>• <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>• <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>• <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>